LAKAS NG ISANG AMA

Ang lakas ng isang ama ay hindi sa lapad ng kaniyang mga balikat.
Ito’y nadarama sa higpit ng kaniyang mga yakap.

Ang lakas ng isang ama ay hindi sa lagong at lakas ng kaniyang boses.
Kundi sa marahan niyang tinig.

Ang lakas ng isang ama ay hindi sa dami ng kaniyang mga kabarkada.
Ito’y sa kung paano siya makisama sa kaniyang mga anak.

Ang lakas ng isang ama ay hindi sa kung paano siya tinitingala ng kaniyang mga ka-opisina. Ito’y sa kung paano siya iginagalang sa tahanan.

Ang lakas ng isang ama ay hindi sa kung gaano siya katindi sumuntok.
Ito’y sa mapagmahal niyang haplos.

Ang lakas ng isang ama ay hindi sa lago ng buhok sa kaniyang dibdib.
Ito’y sa laki ng pusong tinitibok ay pag-ibig.

Ang lakas ng isang ama’y hindi sa bigat ng kaniyang binubuhat.
Ito’y sa mga kabigatang kaya niyang bathin.

Ang lakas ng isang ama ay hindi sa dami ng babaeng kaniyang pina-ibig.
Ito’y kung gaano siya katapat magmahal sa kaniyang natatanging kabiyak.